

# PROLOGUE

“I’m really sorry, Pamela. Hindi ko kagustuhan ang nangyari sa amin ni Clarissa. Lasing ako kaya’t hindi ko alam ang aking ginagawa—”

“That’s a classic excuse, Nicki!” galit na sabad ni Pamela Reyes kay Nicki, ang lalaking magiging asawa sana niya sa darating na Linggo.

Sa library ng bahay ng dalaga nagaganap ang seryosong usapan na iyon. Si Don Ramon, ang lolo niya ay tahimik na nakikinig sa tensyonadong pag-uusap ng dalawa, naghihintay na tapusin ng apo ang nararapat na sabihin.

Para kay Pamela ay nawasak ang kanyang mundo sa minsang pagpatol ni Nicki sa pinsan niyang si Clarissa. Hindi siya nakauwi ng bahay nang gabing mangyari iyon dahil may seminar siyang dinaluhan sa Baguio City. Ilang beses siyang tumawag sa bahay ng nobyo upang ipaalam na hindi siya makakauwi ngunit wala ito. Tumawag din siya sa bahay nila ngunit walang sumasagot, iyon pala ay may nangyayari nang milagro.

Nag-inuman daw sina Clarissa at Nicki at

kinaumagahan ay nakita ni Don Ramon ang dalawa sa kuwarto ng babae na parehong tulog na tulog at walang saplot.

“Patawarin mo sana ako, Pamela. Ikaw pa rin ang pakakasalan ko,” pakiusap ni Nicki.

Hindi siya makapaniwala sa narinig. Nang-uusig ang mga mata na tinitigan niya ang lalaki. Habang tumatagal ang pag-uusap ay lalong lumiliit ang tingin niya rito.

“Sa palagay mo ba’y maibabalik pa natin ang dati?” Tumawa siya nang mapakla. “Ni kaunting pagmamahal sa ’yo ay wala na. Sinira mo nang lahat!” Lumayo siya at naupo nang malayo rito. “You have to marry Clarissa.”

“Pamela, please! Kasalanan mo rin naman. Hinintay kitang dumating pero wala ka. Nalungkot ako kaya....” Nilapitan siya nito at saka hinawakan ang nanlalamig niyang mga kamay.

“Kasalanan ninyong dalawa ni Clarissa,” matigas niyang sagot. “Walang dapat sisihin rito kundi kayong dalawa.” Napakahirap maging practical lalo na kung ang puso ay nabibiyak. Tumingin siya sa lolo at tahimik na humingi ng tulong.

Sumabad na si Don Ramon. “Nakikitira si Clarissa

sa bahay namin. Kami ang tumayong guardian niya habang nasa Amerika ang kanyang mga magulang kaya responsibilidad namin siya. Iisa lang ang nararapat mong gawin, Nicki—pakakasalan mo si Clarissa sa ayaw o sa gusto mo.”

Binawi ng dalaga ang mga kamay kay Nicki at lumapit sa kanyang lolo. Inakbayan siya nito, pinadadama sa kanya ang tahimik nitong suporta.

“Pamela, you can’t do this to me!” galit na bulalas ng lalaki.

Matagal nilang pinag-usapan na maglolo ang pinaka-practical na solusyon sa nangyari. Kahit gaano kasakit sa kanya ay kailangan niyang magpaubaya. Kahit hindi man pakasalan ni Nicki ang pinsan ay hindi na rin niya ito matatanggap dahil wala na siyang respeto rito.

“Pakakasalan mo si Clarissa,” matigas na utos ni Don Ramon.

“But it’s not—”

“Huwag mong sabihin na hindi mo kasalanan dahil kung hindi’y malilintikan ka sa akin!”

“Lolo, please,” pakiusap niya habang pinipigilan ang paglapit ng matanda sa dating nobyo.

*Dating nobyo?* Unti-unti na siyang nasasanay na tawaging ex-boyfriend si Nicki. Naramdaman niya na humigpit ang pagkakaakbay sa kanya ng matanda. Alam nitong pinipigilan lamang niyang maiyak.

“Nicki, huwag ka nang magmatigas. Kailangan mong panagutan ang nangyari sa inyo ni Clarissa,” sabi niya.

“Paano na tayo, Pamela? Ang mga pangarap natin?”

“Magkalimutan na tayo. Iyon ang nararapat,” mahinang tugon niya.

“Hindi ganoon kadali ang sinasabi mo.”

“Mahirap pero kailangan nating gawin.”

Nakita ni Nicki na hindi na mababali ang desisyon ni Pamela. Kilala nito ang nobya. Masyado siyang mapride at hindi agad-agad nagpapatawad. Napayuko ito sa nadamang pagkatalo. “Para akong tuta na ipinamimigay mo!” sambit nito at saka pabalibag na isinara ang pinto ng library.

Sumunod ang katahimikan. Hindi siya makapagsalita sa takot na baka kumawala ang kanyang mga luha.

“Hija, he doesn't deserve you.” Niyakap siya ni

Don Ramon.

“That’s life, Lolo.”

“Ako na ang bahalang magpaliwanag sa mga kamag-anak natin at sa ibang imbitado sa kasal.”

Tumango siya.

“Will you be all right?” paniniguro nito.

“I’ll survive.” Ngumiti pa siya.

Nagpaiwan muna siya sa library upang mapag-isa. Lumipas ang ilang sandali na tahimik siyang nakaupo sa swivel chair. Naisip niya na pare-pareho ang mga lalaki. Una siyang binigo ng kanyang papa sa pagiging babaero nito na naging sanhi ng labis na sama ng loob ng mama niya. Ngayon naman ay si Nicki....

“Hindi na ako sasaktan ng sinumang lalaki,” pangako niya sa sarili.

# 1

“Happy birthday, Lolo,” masayang bati ni Pamela at saka niya hinalikan sa pisngi ang nakangiting matanda.

“Salamat, Hija.”

Seventieth birthday ni Don Ramon kaya maraming bisita ang dumalo sa pagdiriwang na ginanap sa malaking bakuran nila sa Makati.

Napuna ni Pamela na masaya ang lolo niya sa pagsalubong sa mga kamag-anak nila. Pinagmasdan niya ito at naisip na dapat na nga itong magretiro; masyado itong workaholic. Nagpapasalamat siya dahil kahit kaunti ay nag-slow down na ito mula nang ibigay sa kanya ang responsibilidad sa pamamahala ng kompanya. Tulad nito ay napamahal na sa kanya ang *Ventures Company* kaya gagawin niya ang lahat para maipagpatuloy ang pag-unlad niyon.

“Hija, you’re looking beautiful as ever,” puna ni Don Ramon bago sila lumabas upang batiin ang mga bisita.

“Huwag mo akong bolahin, Lolo,” natatawang sagot niya. “Hindi ako maganda, alam mo ’yan.”

Nailing na pinagmasdan nito ang paboritong apo. Nagbibiro ba ang dalaga? Of course, maganda si Pamela, tulad ni Matilda, ang yumaong anak ng matanda.

Maganda ang kanyang mukha na parang inukit ng isang sculptor. Mula sa mga mata na napapaligiran ng mahahabang pilik-mata, sa matangos na ilong, hanggang sa pulang labi na hindi kailangan ng lipstick ay masasabing perpekto ang dalaga. Morena ang kanyang kulay at katamtaman ang tangkad.

Kahit sino ay hindi siya matatawag na ordinaryo dahil maliban sa angking panlabas na kagandahan ay may maipagmamalaki siyang katalinuhan. Sa kasalukuyan ay siya ang general manager ng *Ventures Company*.

“Hindi kita binobola, Hija. Narinig mo na ba akong nambola?” tanong ng matanda.

“Kung ganoon ay malabo na ang mga mata mo,” biro niya. “Kunsabagay ay tumatanda ka na rin.”

Natawa ito nang malakas. “Matagal pa akong mabubuhay.”

“That won’t surprise me. May kasabihan nga tungkol sa masamang damo—” Hindi niya naituloy ang sasabihin dahil natawa na naman si Don Ramon.

“Halika, Hija,” naiiling na kayag nito. “Samahan mo akong batiin ang aking mga bisita.”

Sinamahan niya ito sa mga mesa kung saan nakaupo ang maraming bisita na karaniwan ay mga kamag-anak at kasosyo sa negosyo. Pagtapat nila sa isang mesa ay nakita niyang lumuwang ang pagkakangiti ng kanyang lolo.

“Pancho, mabuti at hindi mo ako nakalimutan!” bati nito at saka kinamayan ang kaibigan at kasosyo sa negosyo.

“Puwede ba naman iyon, Ramon? Ikinatutuwa ko ang bawat kaarawan mo dahil ibig sabihin ay hindi ako nag-iisang tumatanda,” nakangiting sagot ni Pancho Silvano.

Tumingin si Pamela sa kapaligiran. Marami ang nakahilera sa mahabang mesa ng mga pagkain. Sa dance floor ay may mga kabataan at mangilang-ngilang matanda na nagsasayaw ng ballroom dance.

Tradisyon na nilang magkaroon ng magarbong birthday party para kay Don Ramon taun-taon. Kahit nang mamatay ang lola niya sampung taon na ang nakakaraan ay ipinagpatuloy pa rin nila iyon. Hindi rin mawawala ang banda at ang pagpapatugtog ng theme song ng kanyang mga aguelo at aguela—ang



*Gaano Kita Kamahal.*

“Pamela, ikaw na nga ba ’yan?” natutuwang tanong ni Doña Teresa Silvano paglapit niya sa mesa nila.

Ngumiti siya nang bahagya. Kung hindi siya nagkakamali ay may tatlong taon na rin silang hindi nagkikita ni Doña Teresa. Matagal itong nanirahan sa Hawaii kasama ang bunsong anak na si Jason.

“Akalain mo bang lalaki na napakagandang bata si Pamela? Aba’t mas maganda ka pa sa yumao mong mama, Hija,” prangka nitong sabi.

Nakita niyang siniko ni Don Pancho ang asawa. Lihim siyang ngumiti. Matagal man silang hindi nagkita ng matandang babae ay alam niyang hindi pa rin ito nagbabago. Prangka at tactless pa rin ang socialite.

“Kumusta na ho si Jason?” pag-iiba niya ng usapan. “Matagal ko rin siyang hindi nakita.”

“Kasama namin siya, Hija,” sagot nito. “Nandiyan lamang siya sa paligid. Alam mo na, matagal rin niyang hindi nakita ang mga kaibigan mula nang manirahan siya sa Hawaii. He’s going to stay here for good. Nagsawa na ring magturo sa Hawaii. Tumatanda na rin si Pancho kaya kailangan ng asawa

ko ng tulong sa pagma-manage ng negosyo.”

Sa huling sinabi ng doña ay tumawa nang malakas si Don Ramon at nagkunot ang noo ni Don Pancho. Hindi pinansin ni Doña Teresa ang mga ito. “Gusto ko na nga siyang mag-asawa. He’s twenty-seven years old! Ikaw, Hija, may boyfriend ka na ba?”

Siya ang parang napagod sa bilis ng pagsasalita ng doña. Hindi siya nakasingit! Nakita niyang siniko ito ulit ni Don Pancho pero tiningnan lang nang masama ng doña ang asawa at saka siya muling nginitian. Parang alam na niya ang tinutumbok nito. Nakakita ito nang maaaring i-match sa anak!

Hindi magtataka si Pamela kung hanggang sa kasalukuyan ay binata pa rin si Jason. Mas inaasikaso nito ang pagbabasa ng libro at pag-aaral kaysa paghahabol ng babae. Nakikinita na niya ang hitsura nito—payat ang pangangatawan at awkward sa pagkilos, nakasuot ng salamin dahil malabo na ang mga mata sa kababasa, mahiyain kaya palaging nakayuko. Noong maliliit pa sila ay madalas silang magkita dahil nga magkaibigan ang kanilang pamilya.

Palagi niyang nakikita ang binata noon kaya hindi niya ito masyadong pansin. Kumbaga, familiarity breeds boredom.

“Lolo,” tawag-pansin niya kay Don Ramon, “batiin pa natin ang iba mong bisita.”

Aalis na sana sila nang biglang tumayo si Doña Teresa. “Jason!” biglang sabi nito, pagkuwa’y bumaling sa kanya. “Narito na siya, Hija.” Humarap ito sa anak. “Jason, batiin mo naman ang birthday celebrant at si Pamela,” tuluy-tuloy na pagsasalita nito.

“Kumusta na ho, Don Ramon?” Kinamayan ng binata ang matanda at saka siya binalingan. “Kumusta ka na, Pamela?”

Hindi siya kaagad nakasagot. Hindi siya makapaniwala sa nakikita. Nasaan na ang nerd na binata? Iyong awkward kumilos at madalas mamula kapag tinutukso?

“Pamela?” untag ni Don Ramon.

Natauhan siya sa boses ng lolo; isinara niya ang nakaawang na bibig. Naramdaman niya ang pag-iinit ng mukha sa pagkapahiya. Nadagdagan iyon nang makita na tuwang-tuwa si Doña Teresa. Parang nababasa niya ang nasa isip nito, na puwede siyang maging prospective manugang!

“K-kumusta ka na, Jason? Malaki ang ipinagbago mo,” simple niyang sabi.

“Nawala lang ang eyeglasses ko but I’m still the same person,” nakangiting sagot nito.

Nakita niya ang lihim na ngiti nito na parang na-a-amuse sa una niyang reaksiyon.

Hindi lang eyeglasses ang nawala sa binata. Nawala na rin ang sobrang pagkamahiyain nito. Mas sigurado na ito sa galaw at may pagkaarogante sa pagkilos. Kung sakali pala na makasalubong niya ito sa ibang lugar ay hindi niya ito makikilala.

“Lolo, we’d better circulate,” aniya at saka hinila ang matanda palayo sa mesa ng mga Silvano pagkatapos niyang mag-excuse.

“Parang na-lovestruck ka kay Jason, Hija,” biro ng lolo nang medyo makalayo sila.

Pinamulahan siya ng mukha. Ganoon ba ang akala ng mga taong nakakita sa kanya? “Lolo! Ano ba ang pinagsasabi mo? Nabigla lamang ako sa hitsura ng tao, kung anu-ano na ang iniisip mo.”

“Hindi mo ako masisisi. Wala kang boyfriend. Hindi mo yata balak pang makapag-asawa. Kung si Jason ang manliligaw sa ’yo ay sagutin mo na at yayain mo nang magpakasal.”

“Lolo naman. Sa tono ng pananalita mo ay

parang matandang dalaga na ako,” pagtatampo niya.

“Gusto ko lang na lumigaya ka.”

“Liligaya lang ba ang babae kapag may-asawa? Hindi ba siya puwedeng mag-isa? Maligaya na ako sa kalagayan ko. May career ako at may lolong mabait.”

Pumalatak si Don Ramon. Lumingon ito sa mesa ng mga Silvano. Nakasunod ang titig ni Jason sa kanila at ang tinitingnan ay ang apo! Lumawak ang pagkakangiti ng matanda.

Ilang taon na ang nakalipas mula nang magpakasal sina Nicki at Clarissa pero alam nito na hindi pa rin nakakalimutan ni Pamela ang masakit na pangyayari. Mula noon ay hindi na nagpakita ng interes ang dalaga na maghanap ng ibang lalaking mamahalin. Ibinuhos na nito ang lahat ng panahon sa pagpapalago ng kompanya nila.

*Ang tulad ni Nicki ay hindi nababagay sa tulad ng apo ko, naisip ni Don Ramon.*

“Lolo, wait for me. May pupuntahan ako sandali,” paalam ng dalaga.

Nakita ni Don Ramon na lumapit ang apo sa arkiladong banda at may ibinulong sa singer. Mayamaya ay pumailanlang ang awiting *Gaano Kita*

*Kamahal.*

*Ang pag-ibig ko'y hindi kukupas*

*Nais ko sanang patunayan*

*Huwag ka nang mag-alinlangan....*

“Lolo, shall we dance?” nakangiting anyaya ni Pamela paglapit niya sa matanda.

Hinila niya ang lolo sa dance floor sa gitna ng masigabong palakpakan ng mga bisita. Nakita niyang malungkot ang mga mata ng matanda.

“Masaya sana kung narito pa ang lola mo,” mahinang sambit ni Don Ramon.

Kung minsan ay nakakadama ng inggit si Pamela sa pagmamahalan ng lolo at lola niya. Siya ay nawalan na ng pag-asa sa pagkabigo niya kay Nicki. Tama na ang minsan na ma-disillusion siya sa isang walang kuwentang lalaki.

Saksi rin siya sa naging kabiguan ng kanyang ina. Malaking eskandalo ang naging sanhi ng pagkamatay ng ama niya. Namatay ito sa aksidente na kasama ang kabit. Pinagpiyestahan ng media ang eskandalo

dahil kilala ang pamilya nila. Mayaman sila at naging beauty queen pa ang kanyang ina.

Nakita niya kung gaanong dinamdam ng ina ang nangyari. Hindi nagtagal ay namatay ito sa pagkakasakit. Bata man siya ay alam niya ang kahihiyang na dinanas nito. Maliban sa kanyang lolo ay pare-pareho ang mga lalaki, naisip niya. Lahat sila ay manloloko. Mula nang maulila siya ay tumira na siya sa bahay ni Don Ramon. Ito na ang nagpalaki at nagpaaral sa kanya.

Pagkatapos ng awit ay inakay na niya ang lolo pabalik sa mesa nila.

“Lolo, sandali lang at titingnan ko kung ayos pa rin ang mga pagkain,” pagpapaalam niya.

Kinausap niya ang caterer at nang masigurong hindi naman nagkukulang sa pagkain at inumin ay bumalik na siya sa party.

Sa isang sulok kung saan walang masyadong nagdaraang tao ay namataan niya si Jason na may kasama. Hindi sana niya mapapansin ito kung hindi niya narinig ang malakas na pagsinghot ng babae.

“Matagal kitang hinintay, Jason. Akala ko’y hindi ka na babalik kaya pumayag akong magpakasal kay Raymond,” desperadang sabi ng babae.

“Daisy, wala kang dapat na ipaliwanag sa akin,” exasperated na sagot ni Jason.

Hindi niya napigilan ang makinig sa pag-uusap ng dalawa dahil malakas ang tinig ng mga ito. Nakilala na niya ang kausap ng binata. Anak ito ng isa sa business partners ng kanyang lolo. Umupo siya sa bench na nakatago sa isang halaman upang makinig.

“I’m explaining things to you dahil mahal pa rin kita!” Lalong lumakas ang boses ng babae. “Jason, gusto kong umatras sa kasal. Hindi ko naman talaga mahal si Ray,” tukoy nito sa nobyo.

Tinalikuran ito ni Jason. “Kung alam ko lang na magkakaganito ka’y hindi na muna sana ako bumalik ng Pilipinas. Confused ka lang, Daisy. Bukas lang ay pagsisisihan mo ang sinabi mo sa akin.”

“Jason, mahal talaga kita,” nagmamakaawang sabi nito.

Kumunot ang noo ng nakikinig na si Pamela. Bakit ba nagpapakababa si Daisy sa isang lalaki? Hindi ba nito alam na better off ang mga babae kung walang lalaki na magdudulot ng sama ng loob sa kanila?

“Bakit nagbago ka na sa akin?”



“Wala akong ipinangako sa 'yo,” sagot ni Jason.

Bumunghalit ng iyak si Daisy. “M-may iba ka na ba?”

“Tahan na.” Nag-aalala na ang binata. “Baka akalain ng ibang tao ay ano na ang nangyayari sa 'yo.”

“I don't care! Sinasaktan mo ang puso ko!”

Hinawakan nito sa magkabilang balikat si Daisy. “What we had then was teen-age infatuation. Pareho tayong mga bata pa kaya hindi pa tayo sigurado sa ating feelings.”

Napaismid si Pamela sa narinig at lalong nakumbinsi na walang kuwentang lalaki si Jason Silvano.

Maingat siyang umalis sa lugar na kinaroroonan upang hindi mapansin ng dalawa na may saksi sa pag-uusap nila.

“May itinatago rin palang kalokohan ang nerdy na si Jason,” naiinis niyang naibulong sa sarili. “Pareho lang sila ng ex-boyfriend kong mahilig manloko ng babae!”

---

Nasa kalagitnaan ng kasayahan nang lapitan siya

ni Jason sa mesa nila.

“Pamela, 'care to dance?”

Bago siya makatanggi ay naunahan na siya ni Don Ramon sa pagsagot.

“Siyempre naman, Hijo. Pumapayag si Pamela.”

“P-pero, Lolo—”

“Wala nang pero, Hija. Naghihintay si Jason,” mariin nitong sabad.

Hindi na siya nakatanggi nang hilahin siya ng binata patayo. Sa gulat niya ay hindi siya nakapagreklamo nang akayin siya nito sa dance floor.

“Ayaw kong sumayaw,” galit niyang bulong nang hawakan nito ang kanyang baywang.

“Sa akin ba in particular o sa pagsasayaw mo lang ayaw?”

“Sa 'yo dahil napakayabang mo!”

“Wala akong nagagawang masama para tawagin mong mayabang.”

“Hindi ba mayabang ang namimilit na isayaw ang ayaw naman?” asik niya.

“Sabagay, kaya kita hinila para mapilitan kang

sumayaw.” Nakangiti ito pero sa tingin niya ay nakangisi ito na parang demonyo.

“Ibang klase ka rin, ano? Isa kang—” Hindi niya naituloy ang sinasabi nang isubsob ni Jason ang kanyang mukha sa dibdib nito.

Hindi siya makahinga! Ang tanging nalalanghap niya ay ang mamahalin nitong pabango. Sinuntok niya ito sa tagiliran. Natuwa siya nang marinig ang pag-‘aray!’ nito. Pero hindi pa rin siya binitiwang luko-loko! Sa galit ay kinagat niya ito sa dibdib. Manipis lang ang suot nitong polo kaya may nakagat siyang laman.

“Hey, masakit ’yan!” bulalalas nito.

“Wala kang karapatan na—”

“Masakit ang lambing mo, Sweetheart,” biro nito. Nakatingin na ang mga tao sa kanila pero parang wala itong pakialam sa curiosity ng mga ito.

“Hindi ka ba marunong mahiya?” galit na bulong niya. Sa palagay niya ay pinamulahan pati dulo ng kanyang daliri sa sobrang pagkapahiya. Nakita ba ng mga bisita ang ginawa niya sa binata? Ipinagdasal niya na sana ay walang nakapansin.

“Bakit ako mahihiya? Wala akong ginagawang

masama.”

“Hindi ka gentleman, Jason Silvano. Hindi pa ba masama 'yon?”

“Hahayaan ko ba naman na pagsalitaan mo ako ng masama? Hindi ko alam na uso na sa Pilipinas ang pangangagat kapag nagagalit ang babae.”

“You bring out the worst in me. Kapag hindi mo hininaan ang boses mo ay hindi lang 'yan ang kakagatin ko,” marahas niyang sagot.

“Ano pa ang gagawin mo?” interesadong tanong nito.

Tinatawanan siya nito! Hindi man ito ngumingiti ay alam niyang sa loob-loob ay pinagtatawanan siya nito. Gusto niya itong sampalin pero nagpigil siya. Hindi niya sisirain ang birthday party ng kanyang lolo.

“Well?” untag nito.

“Tanungin mo ako kapag wala tayo sa gitna ng maraming tao. Ayoko ng maraming witness sa krimen na gagawin ko,” sarkastiko niyang sagot.

Tumawa ito nang malakas. Lalo silang pinagtinginan ng mga tao. Nakita rin niya ang kanyang lolo na nakangiti sa kanila.

“Bakit ba ngayon lang tayo nag-usap nang ganito, Pamela? Hindi ka nauubusan ng insulto para sa akin.”

“Dahil mabait ka noon kaya hindi kita kailangang insultuhin.”

“Mabait? Hindi mo ako pinapansin noon. Ang tingin mo sa akin noon ay kaawa-awa, hindi ba?”

“So, there are some things about you that haven't changed. Kagaya ng pagiging insecure mo,” pang-iinsulto niya.

“Hindi ako insecure noon. Hindi ko lang alam kung papaano ka kakausapin.”

“Ako at ang ibang mga babae,” dugtong niya.

“Ikaw lang, Pamela,” madiin nitong sabi.

“Bakit?” takang tanong niya.

Hindi ito kaagad nakasagot. “Dahil iba ka,” sa wakas ay sabi nito.

“Iba? Ano'ng ibig mong sabihin?” Sa pandinig ng dalaga ay panibagong insulto ang sinabi nito.

“You're different, period. Huwag mo nang itanong kung bakit.” Bigla itong sumeryoso. “Ikaw, Pamela Reyes, ano na ang nangyari sa 'yo? Malaki rin ang ipinagbago mo. Kung umasta ka ay para kang

matandang dalagang napag-iwanan ng panahon.”

“Nagsalita ang magaling,” ismid niya. “Nagbago lang nang kaunti ang hitsura mo’y nagyabang ka na. ‘Yan ba ang natutunan mo sa Hawaii?” Pagkasabi niyon ay kumawala siya sa mga bisig nito at saka na pumasok sa malaking bahay.

Hindi niya pansin na naiwan sa dance floor ang binata. Hindi rin niya pansin ang mga bisitang nakatingin sa kanya. Hindi niya na matitiis ang presence nito!

Papanhik sana siya sa kuwarto niya nang may marinig siyang yabag na papasok din ng bahay. Inakala niyang ang lolo niya ito. Pumihit siya para ngitian ito.

Napalis ang ngiti niya pagkakita kay Jason.

“Hindi mo ba ako titigilan!” pasigaw niyang sabi. Sa loob ng bahay ay walang makakarinig sa kanila maliban sa mga katulong.

“Bakit ba galit ka sa akin?” takang tanong nito. “May nagawa ba akong masama?”

*Dahil sa pagpapaiyak mo kay Daisy, gusto niyang sabihin. Dahil katulad ka rin ng Papa at ni Nicki na sinasaktan ang mga babae!* “Mayabang ka

at masyadong presko for your own good. Hindi ako umuubra sa 'I'm Tarzan and you're Jane' attitude mo," simpleng tugon niya. "H-hindi ako ang klase ng babae na matutuwa kapag may nakapansing lalaki sa akin. Kung gusto mo ng atensyon ay humanap ka ng ibang babae na magpapalaki ng ego mo."

"Alam mo ba na lalo kang gumaganda kapag nagagalit ka?" puna ng binata. "Kaya ba madalas kang magalit?" pagbibiro nito.

Nadismaya siya. Hindi ba nito naiintindihan ang mga sinabi niya? "Hindi mo ako makukuha sa mga ganyang linya. Puwede bang umalis ka na?" pormal niyang sabi.

Kumunot ang noo nito dahil hindi nito matanggap ang mababaw na dahilan niya sa masidhing pagkainis dito. "Are you afraid of me?" Mataman siya nitong pinagmasdan.\

"Of course not! Bakit ako matatakot sa 'yo?" Pinabulaan niya ang sinabi sa pag-atras nang lalo itong lumapit sa kanya. *Alam ko lang kung sino ang lalaking dapat iwasan!*

"Kung hindi ka natatakot sa 'kin ay bakit ka lumalayo? Wala naman akong nakakahawang sakit. Naligo naman ako." Napapangiti pa ito.

Pinigilan niyang mag-react nang hawakan siya nito sa magkabilang balikat.

“Natatakot ka ba sa akin o nagagalit ka lang sa mga lalaki in general?” pagbibiro nito. “Balita ko’y natakot sa ’yo ang mga lalaki dahil masyado kang mabagsik. May lalaki bang nang-iwan sa ’yo kaya—” Bigla itong natigilan nang makita ang pamumutla ng dalaga na parang sinampal. “Pamela!”

“Umalis ka na,” matigas niyang utos.

“Pamela!”

Hindi niya pinansin ang tawag ni Jason. Tuluy-tuloy siya sa kusina. Umupo siya sa kitchen counter at nakaramdam ng relief dahil wala ang mga katulong. Gusto niyang mapag-isa.

“Pamela....”

Yumuko siya. Sinundan pa rin pala siya nito.

Bumalot ang katahimikan sa kusina. Matagal silang hindi nag-imikan.

“I’m sorry,” sa wakas ay sabi ni Jason. “Hindi ko dapat sinabi ’yon. It was meant as a joke. Hindi ko alam na masakit na pala ang biro ko.”

Hindi pa rin siya nagsalita. Nilapitan siya nito at



saka hinawakan ang kanyang nanlalamig na kamay.

“Pamela...”

Sa wakas ay iniangat niya ang ulo at tumingin nang deretso sa binata. Nakita nito ang nakasalamin na kalungkutan sa kanyang mga mata. Nakita nito ang tunay na emosyon sa likod ng katarayan niya.

Sa isip ay minura ni Jason ang lalaking nagdulot ng kalungkutan sa dalaga. “Ba’t hindi mo sabihin sa akin ang problema mo?” nag-aalalang tanong nito.

Umiling siya. Niyakap siya nito nang hindi nito matiis ang paghihirap niya. Nagulat ito nang isandal niya ang ulo sa balikat nito. “Umiyak ka kung gusto mo,” bulong nito.

“Ipinangako ko sa aking sarili na hindi ko siya iiyakan. Ngayon pa ba ako iiyak gayong matagal ko na siyang nakalimutan?”

Hindi sinabi ni Jason na nagkakamali ang dalaga, na hindi pa nga niya tuluyang nakakalimutan ang walang bayag na lalaking nanakit sa kanya. Tumahimik na lamang ito.

Isinubsob ni Pamela ang mukha sa dibdib ng binata. Hinaplos nito ang mahaba niyang buhok.

“Kung sino man siya ay ibaon mo na siya sa limot.

Wala siyang kuwentang lalaki,” galit na sabi nito.

“Naibaon ko na siya sa limot hanggang sa ipinaalala mo siya sa akin,” paninisi niya na iniangat ang ulo at tumitig dito.

*Napakaganda ni Pamela lalo na ngayong medyo basa ang mga mata niya sa pigil na pag-iyak, naisip ni Jason. Ilang taon din niya itong hindi nakita. Iba si Pamela noon sa Pamela ngayon. Ang dating masayahin na dalaga ay wala na.*

Kahit na mga bata pa sila noon ay humanga na siya sa angking ganda ng dalaga. Hindi nga lamang siya pinapansin nito. Minsan ay inisip niya na mahal niya ito at kung hindi lamang siya mahiyain ay maaaring niligawan niya ito noon.

Unti-unti niyang inilapit ang kanyang labi sa naghihintay na labi ni Pamela. Ang dating pagbibigay ng pagdamay ay napalitan ng pagnanasa. Niyakap niya ito nang mahigpit.

Si Pamela ay parang nawala sa sarili. Basta ang alam niya ay secure siya sa mga bisig ni Jason. Sa unang pagkakataon ay hindi siya galit sa mundo. Masaya siya na parang nasa ulap. Humigpit ang pagkakayakap niya sa binata at naging mas maalab ang kanilang halikan. Iba ang halik nito; nawawala

siya sa sarili. Hindi tulad ng kay Nicki na....

Napamulagat siya nang maalala ang dating nobyo. Itinulak niya si Jason. Nakita niya na sandaling nawala rin ito sa sarili.

“Pamela?” Nagtatanong ang mga mata nito.

Hindi siya sumagot. Nagmamadali siyang lumabas ng kusina, hindi na pinakinggan ang muling pagtawag nito.

## 2

“Good morning, ma’am,” nakangiting bati ng isa sa mga empleyado ng *Ventures Company* sa bagong dating na si Pamela.

“Good morning,” balik-bati niya at saka sumakay ng elevator papunta sa kanyang opisina sa third floor ng building.

Ang una niyang napansin pagpasok sa private office ay ang mapuputing rosas sa ibabaw ng kanyang mesa. Napakunot-noo siya. Hindi pa rin tumitigil ang manliligaw niyang si Johnny na magpadala ng bulaklak. Naiba nga lamang ngayon dahil ang dati nitong ipinapadala ay red roses.

“Hi, Pamela,” bati ni Donna, sekretarya at kaibigan niya. “Ang sweet naman ng admirer mo. First thing Monday morning pa nagpapadala ng roses. What a beautiful way to start the week,” biro nito.

Sumimangot siya. Kahit kailan ay hindi niya na-appreciate ang mga bulaklak na napitas. Gusto niya ay potted plants, iyong may buhay at hindi tulad ng nasa harapan niya na nalalanta. Parang pag-ibig ng isang lalaki na hindi tumatagal, naisip niya.

“Ano’ng gagawin ko riyang?”

“Pamela!” saway nito, halatang nadismaya. “Ano ba ang ginagawa sa bulaklak? Kinakain? They’re there to be appreciated, of course!”

“Nalalanta ang mga ’yan na parang pag-ibig na hindi tatagal. Panandaliang nagpapasaya.” Iniabot niya ang rosas dito. “Itapon mo na lang,” utos niya.

Napatanga ito. “Sa akin na lang kung ayaw mo. Hindi mo ba babasahin ang note?”

“Bakit pa? Pare-pareho lang naman ang mga linya ni Johnny.”

Humagikgik ito. “Ang pag-ibig niya raw sa ’yo ay walang kapantay. Na ikaw lang ang maaaring iharap niya sa dambana,” pagre-recite nito sa mga linya ng lalaki.

“Please, Donna. Huwag mo nang iparinig sa akin. Naaalibadbaran ako!”

Natawa ulit ito.

Bumuntunghininga siya. Hindi siya nagtataka kung bakit naging source of amusement ni Donna ang masugid na manliligaw.

Anak ng kaibigan ng kanyang lolo si Johnny kaya

hindi niya maipahiya. Isa pa, naaawa siya rito dahil sa maliban sa mama's boy ay napaka-old-fashioned pang manamit at mag-isip. Hindi man nito sabihin ay alam niyang napag-utusan lamang ito ng mama nito na ligawan siya. Hindi ito gagawa ng isang hakbang na walang dikta mula sa aristokratang ina. Pinababayaan na lang niya sapagkat hindi niya ito sineseryoso.

“Basahin mo na kasi. I wonder what he wrote this time,” ani Donna.

Naging mortal enemies sina Donna at Johnny sa una pa lamang nilang pagkikita. Paano ay pinagtatawanan at iniinsulto ng babae ang pobreng lalaki.

Kinuha ni Pamela ang naka-attach na note sa bulaklak. Muntik niya nang mabitawan ang kapirasong papel nang mabasa ang nakasulat doon.

*Pamela,*

*I hope you're all right.*

“Ano ang sinasabi?” tanong ni Donna.

“W-wala.” Itinapon niya sa waste basket ang note at saka isinunod ang bulaklak.

“Pamela, how could you!” Pinulot nito ang mga iyon at saka inilapag sa mesa.

“Don’t you dare read the note,” mahinang utos niya sa pagtatangka nitong hanapin iyon sa waste basket.

“Okay.” Nagtataakang tiningnan siya nito. “Sino ang nagpadala ng bulaklak?”

“Isang lalaki na hindi dapat pag-ukulan ng pansin,” simpleng sagot niya.

Naiiling na bumalik si Donna sa trabaho. Hinarap na rin ni Pamela ang naiwang trabaho noong isang araw. Hindi siya makapag-concentrate dahil kumukulo ang dugo niya sa galit. Ipinapaalala ni Jason ang nangyari sa kanila sa sandali niyang pagkalimot. Wala na ang Pamela nang nagdaang gabi, nagbalik na ang dating Pamela na matigas ang puso, na hindi nangangailangan ng tulong o kalinga ng ibang tao.

“Pamela,” tawag ng sekretarya, “may gustong kumausap sa ’yo. A certain Jason Silvano.”

Natigilan siya. Mayamaya ay nag-signal siya sa babae na sabihing wala siya.

Tinakpan nito ang receiver. “Nasabi kong narito ka na.”

Wala na nga siyang lusot. Nag-aalangan na sinagot niya ang tawag. “Hello.”

“Pamela,” bati ni Jason na parang long-lost friend siya nito, “natanggap mo na ba ang pinadala kong white roses?”

*Napaka-predictable talaga ng mga lalaki*, naisip niya. “Yes,” sagot niya, “natanggap ko na.”

“Did you like them?”

“Nagustuhan ng sekretarya ko.”

Narinig niya itong pumalatak. Na-imagine niya ang patikwas na bibig nito kapag ngumingiti. Gusto rin niyang ngumiti sa naisip.

“I asked if *you* liked them,” anito.

Bumuntunghininga siya. “Nagustuhan ng waste basket ko,” sarkastiko niyang sagot.



Matagal na patlang ang namagitan sa kanila. Kung hindi naririnig ni Pamela ang paghinga sa kabilang linya ay aakalain niyang wala na siyang kausap. “Jason?”

“Ganito ka ba palagi?”

“Ano?”

“Palaging galit sa mundo. As if the whole world is against you. I understand that someone has hurt you before but that is no reason for you to—”

“Mind your own business!” putol niya. “Gagawin ko kung ano ang gusto ko. Kung hindi ka makatiis ay layuan mo ako.”

“I’m sorry pero hindi ko magagawa ’yan.”

“Bakit? Huwag mong sabihin na na-love at first sight ka sa akin kaya you’re out to get me?”

Natawa si Jason. Hindi lang basta tawa kundi tawang hindi talaga mapigilan. “How did you know? Nakahalata ka na ba?” Pumalatak pa ito. “Bakit hindi mo nagustuhan ang mga bulaklak? Ibang klase ba ang gusto mo?” pag-iiba nito ng usapan.

“I just don’t like dead flowers. I prefer potted plants.” Gusto niyang bawiin ang sinabi dahil para na rin niyang ipinahiwatig na gusto niyang maregaluhan

ulit!

“Hayaan mo, I’ll keep that in mind,” natatawang sabi nito. “Ano naman ang rason mo kung bakit may hang-up ka sa mga napitas na bulaklak?”

“Marami kang tanong, Jason Silvano. Kung wala kang gagawin, ako ay marami.”

“Okay, okay. Pupuntahan na lamang kita riyan. I’ll take you out for lunch.” Pagkasabi niyon ay ibinaba na nito ang telepono.

Hindi siya nagkaroon ng pagkakataon na makahindi. Sa inis ay ibinagsak niya ang telepono at bumubulong na ipinagpatuloy ang ginagawa. Hindi siya sasama kay Jason! pangako niya sa sarili. Pagdating nito sa opisina ay wala na siya roon. Kung manhid ito ay kailangan niyang maging tuso sa pag-iwas dito.

“Ngayon lang kita nakitang nainis nang ganyan sa lalaki. Para kang papatay ng tao,” puna ni Donna.

Pinamulahan siya ng mukha. Nakalimutan niyang nakikinig ang kaibigan sa pag-uusap nila ni Jason. “Kapag nakilala mo siya’y maiinis ka rin,” sagot niya.

“Kakila-kilabot ba ang hitsura niya?” natatawang

tanong nito.

“Hindi.”

“Kung hindi, bakit ka maiinis?”

“Masyadong presko at mayabang. Sinabi ko na nga sa kanya na ayaw ko na siyang makasama pero pilit pa ring lumalapit!”

“Siya ba ang nagpadala ng white roses?”

Tumango siya. “Mamaya’y pupunta siya rito. Sabihin mong umalis na ako, hindi ako babalik kaya’t huwag niya na akong hintayin,” pagbibilin niya.

“Pinagtataguan mo siya.”

“Bakit ako magtatago?” depensa niya sa sarili. “Ayoko siyang makita, period.”

Hindi man sumagot ay alam niya ang iniisip nito.

“Donna! Alam ko kung ano ang iniisip mo. Wala akong gusto kay Jason Silvano!”

“May sinabi ba ako na gusto mo siya?” painosenteng tanong nito.

Nailing na binalikan niya ang trabaho. Mahal niya ang kanyang responsibilidad bilang general manager. Mula nang mai-delegate sa kanya ang

posisyon ay ginawa niya ang lahat para lalong mapalago ang kompanya. Ayaw niyang ma-disappoint si Don Ramon.

Ngayon ay may Jason Silvano na nanggugulo sa maayos niyang buhay.

Pagtingin niya sa wristwatch ay alas onse na. Sinimulan niyang ayusin ang kanyang mga gamit. Balak niyang mag-lunch nang mag-isa.

Nagmamadali niyang kinuha ang shoulder bag sa drawer at saka na tumayo.

“Pamela,” tawag ni Donna sa may pintuan. Nakita niya na nakangiti ito. “Nariyan si Jason Silvano.”

Hindi siya nakapagsalita kaagad pagkakita sa binata. Nasa likuran ito ng sekretarya. Ayaw man niyang aminin ay parang mas guwapo ito nang sandaling iyon kaysa nang nakaraang gabi. Nakasuot ito ng faded jeans at mamahaling white t-shirt. Nakita rin niya na parang na-hypnotize si Donna sa pagkakatitig sa binata. Nakadama siya ng pagkairita.

“Kanina ka pa ba naghihintay?” nakangiting bati nito.

Unang salita pa lamang nito ay mali na ang dating sa kanya. Sino ba ito para hintayin niya?

“Hindi ako sasabay sa 'yo,” mariin niyang sabi.

“Saan ka pupunta kung ganoon?”

Pinagtatawanan ba siya nito? Nagiging paranoid na nga siya, naisip niya. “Kakain akong mag-isa.”

Pagkasabi niyon ay nilampasan niya si Jason sa may pintuan. Hindi niya pansin ang natitigilang sekretarya.

Nasa corridor na siya nang hawakan ng binata sa braso. Muntik na siyang mapasigaw nang akbayan pa siya nito.

“Saan mo gustong kumain?” kaswal nitong tanong.

Pinilit niyang iwaksi ang kamay nito pero lalong humigpit ang pagkakaakbay sa kanya.

“Ikaw, saan mo gustong kumain?” kaswal din ang sagot niya.

“Sa isang Thai restaurant. Masarap ang Thai food.”

“Talaga? Hindi kita pinipigilan, basta ako ay kakain nang mag-isa,” galit niyang saad.

“You prefer separate tables gayong magkasama naman tayo? That's weird,” natatawang sabi nito.

Kulang na lamang ay umusok ang tainga niya sa galit. Ngayon ay nakakasiguro siyang pinagtatawanan siya nito! “Don’t you ever get serious?” inis niyang sabi. “I said I don’t want to have lunch with you!”

“Why?” mahinang tanong nito.

Hindi siya kaagad nakatugon. Ang ibang lalaki na nagtangkang lumapit sa kanya ay tinanggap kaagad kung ano ang idikta niya. Kung gusto niyang mapag-isa ay lalayo sila. Ngunit iba si Jason.

“Pamela?” untag nito.

“Okay, sasabihin ko na ang dahilan ng pagkainis ko sa ’yo, Jason Silvano.” Pinamumulahan siya ng mukha pero kailangan niyang sabihin ang niloloob. “I don’t trust you. Sa palagay ko’y wala kang pinag-iba sa dati kong nobyo.”

“Napasok na naman sa usapan ang walang kuwentang lalaking nang-iwan sa ’yo,” galit na sagot nito.

“Wala kang alam sa totoong nangyari kaya huwag mo akong pagsalitaan ng ganyan!” Pinigilan niya ang maiyak sa harap nito. “Besides, you remind me of him kaya wala kang karapatang magsalita ng anuman.”

“Who’s judging who?” Sarkastiko na rin ito. “Hindi mo ako dapat ikinukumpara sa kanya. Ano ang basis mo para pag-isipan ako nang masama?”

Natameme siya, hindi masabing narinig niya ang pakikipag-usap nito kay Daisy.

“Pamela?” Naghihintay ito ng sagot.

“You see I... you....” Hindi niya masabing nakinig siya sa isang pribadong usapan!

“Hindi ko alam na mahilig ka rin sa patumpik-tumpik,” naiinip na sabi nito.

Napahiya siya at muling pinamulahan. “Narinig ko ang pag-uusap ninyo ni D-Daisy.” Nabubulol na siya sa tensyon.

“You heard what?” Hindi ito makapaniwala.

“I heard everything,” taas-noo niyang saad, defensive kaagad. “Pinaiyak at sinaktan mo siya. Masisisi mo ba ako kung hindi kita pagtiwalaan?”

Natatawang umiling si Jason. “Ikakasal na si Daisy kay Raymond. Matagal na kaming break ni Daisy bago pa man ako tumira sa Hawaii. Hindi ko na kasalanan kung nagdadalawang-isip siya sa pagpapakasal. Hindi ko siya pinaasa at lalong hindi sinasadyang saktan.”

“B-break na kayo noon pa?” manghang tanong niya. “Akala ko’y—”

“You jumped into conclusions, Pamela. You were prepared to dislike me right from the start at naghahanap ka na lang ng dahilan para lalo mo akong kainisan.”

Napayuko siya dahil may katotohanan ang sinabi nito.

“I’ll stay away from you kapag alam kong gusto mo talaga akong lumayo,” matigas nitong sabi.

Hindi na siya tumanggi nang hilahin siya nito. Ano ba ang ibig sabihin nito? Na hindi niya alam ang tunay niyang gusto?

Pagdating sa kotse ay umupo siya sa likod. Hindi iyon pinaandar ni Jason. Nagtataka siyang tumingin dito.

“Dito ka sa tabi ko. Hindi mo ako driver,” anito.

Pabalya niyang isinara ang pinto sa likod at saka siya umupo sa tabi ng binata. Tahimik nilang tinahak ang daan papuntang *Landmark*, ang pinakamalapit na shopping mall sa opisina nila. Hindi nagsasalita si Pamela. Hahayaan niyang mabulok ang kanyang laway!



Hindi pa rin magbabago ang pagtingin niya kay Jason kahit na ano pa ang ipaliwanag nito sa kanya. Ilalayo niya ang sarili dahil hindi pa rin siya kumbinsido sa katapatan nito.

Pagpasok nila sa Thai restaurant ay nagmamadali siyang umupo sa kanilang mesa. Ayaw niyang i-assist pa siya ng binata sa pag-upo.

Lumapit ang waiter sa mesa upang tanungin ang order nila pagkatapos ibigay ang menu. Hinintay niyang tanungin siya ni Jason kung ano ang gusto niya. Matutuwa siya kapag napahiya ito sa hindi niya pagsagot.

Nadismaya siya nang ito lamang ang nag-order para sa kanilang dalawa!

“Hindi mo man lang ako kinonsulta sa pagkain natin,” naiinis niyang sabi, nakalimutan na ang pangakong hindi ito kakausapin.

“I’m the expert. Alam ko ang masarap na dishes kaya hindi na kita tinanong.”

Arogante talaga ito, naisip niya. Kung nasa board room lamang ito ay hindi niya papayagan ang ganoong autocratic attitude. Naniniwala siya sa democratic approach kung saan ay may consultation. “Well, let’s see kung masarap nga.”

Dumating ang order nilang pagkain. Inilapag sa harapan niya ang isang dish na may sugpo; para iyong sinigang at mabango ang amoy. Nakaramdam siya ng gutom.

Masarap nga ang mga pagkain. Kakaiba ang lasa pero masarap. Pagkatapos nilang kumain ay napasandal siya sa upuan. Noon lang siya nabusog nang ganoon.

“Hindi na kita tatanungin kung nagustuhan mo o hindi,” nakangiting sabi ni Jason.

“Masarap nga ang mga pagkain at—”

Itinaas nito ang kanang kamay. “Please, don’t spoil the moment. For once, nagsalita ka nang maganda kaya huwag mo nang dagdagan.”

“I was about to say na kakaiba ang mga pagkain,” dagdag niya. Hindi niya napigilan ang mapangiti sa reaksyon nito sa kanya. Bigla siyang na-conscious nang makitang tinitigan siya nito. Hindi niya napigilan ang pamumula ng mukha. “Is there something wrong?” tanong niya nang hindi makatiis.

“Ngayon lamang kita nakitang ngumiti, ’yong totoong ngiti.”

“I really treated you badly, didn’t I?” mahina

niyang sambit. "I'm sorry."

Nagulat siya nang marinig ang impit na pagtawa nito. Pinagtatawanan siya! Heto nga at nag-apologize na siya pero nakuha pa siya nitong pagtawanan.

"What's so funny?" mataray niyang tanong.

"Hindi mo pala bagay ang mapagkumbaba. Para kang manok na pansabong na natalo sa derby." Pagkasabi niyon ay pinakawalan nito ang pinipigilang tawa.

Nainsulto siya. Sa buong buhay niya ay noon lang siya napahiya nang ganoon. Tumayo siya at iniwan ang natigilang binata. Hindi niya pinansin ang tawag nito. Sa parking lot na siya nito inabutan.

"Akala ko'y iniwan mo na ako," anito.

"Wala akong dalang kotse," kalmante niyang sagot.

Inunahan niya ito sa pagbubukas ng pinto ng kotse. Hindi siya tumitingin dito. Nakatingin lang siya nang deretso.

"I'm sorry," ani Jason pagkalipas ng ilang sandaling pananahimik. Hindi nito kaagad pinaandar ang kotse.

Parang wala siyang narinig.

“I was only trying to lighten the mood. I’m sorry kung na-offend kita,” dagdag nito.

“Ibalik mo na ako sa opisina,” utos niya. “Malaki na ngang talaga ang ipinagbago mo, Jason. You don’t seem to take anything seriously, hindi gaya noon.”

“Hindi mo lang ako lubusang kilala noon, Pamela. Paano’y hindi mo ako pinapansin.”

Nagtataka siyang tumingin sa binata. Parang may narinig siyang hinanakit sa boses nito.

“Ikaw nga riyang ang unapproachable,” tugon niya. “Ikaw’yong nerd kaya ka naiiba. Mas type mo na magkulong at magbasa ng libro kaysa makipaglaro sa amin. Nasanay na kami na talagang iba ka.”

“I wanted to be just like the other kids. Malungkot ang nag-iisa,” mahinang saad nito. “May sekreto ako na sa ’yo ko lamang sasabihin.”

Matagal na patlang. Hindi ito tumitinag na parang nagdadalawang-isip.

“Ano ’yon?” naiinip na tanong niya.

“Naging crush kita.”

“Ha!”

“Nabigla ka, ano? Mabuti at hindi ko nasabi sa ’yo noon. Baka pagtawanan mo lamang ako. Deretso ka na ba sa opisina?” biglang pag-iiba nito sa usapan.

Hindi siya kaagad nakasagot. Ang bilis nitong magpalit ng pinag-uusapan!

“Hindi ko man lang nalaman,” aniya.

“Paano mo nga malalaman, hindi mo ako pinapansin,” natatawang saad nito.

“Well, matagal na ’yon,” kaswal na sabi niya. “Marahil ay marami nang nanghahabol sa ’yo. With your looks, hindi ka mahihirapan na makahanap ng babae.”

“Mahihirapan ba ako sa ’yo, Pamela?” seryoso nitong tanong.

Natawa siya nang mapakla; pinili na huwag itong seryosohin. “Mahihirapan ka, Jason. Bato na ang puso ko. Siyanga pala, bakit hindi ka na nagsasalamin?” pag-iiba niya sa usapan. Naisip niyang hindi lamang ito ang marunong ng ganoon.

“I wear one kapag nagbabasa pero hindi kapag ganitong nagda-drive. Malinaw pa naman ang mga mata ko.”

“At mas bagay mo ang hindi nakasalamin.” Gusto

niyang bawiin ang sinabi nang makitang na na-amuse ito.

Pagdating sa parking lot ng opisina nila ay nagmamadaling bumaba sa kotse si Pamela. “Thank you,” pamamaalam niya.

“Pamela....” tawag nito.

“Yes?”

“Nag-enjoy ka ba?”

Tango lang ang naging sagot niya. Ang totoo, mula nang maghiwalay sila ni Nicki ay noon lamang siya ulit nakapag-relax na kasama ang isang lalaki.

“Sa susunod, hayaan mong pagbuksan kita ng pinto ng kotse at i-assist sa pag-upo,” sabi ni Jason.

“Masama ba kung gusto kong maging independent?”

“Gugustuhin ko kung paminsan-minsan ay maging dependent ka sa akin.”